CONTRA COSTA COUNTY
Consortium

***Tumulong sa Paghubog sa Kinabukasan ng iyong Komunidad!***

Ang Contra Costa County Consortium, na kinabibilangan ng mga lungsod ng Antioch, Concord, Pittsburg, Walnut Creek, at County ng Contra Costa (sa ngalan ng lahat ng iba pang bayan at lungsod sa Contra Costa) ay tumatanggap ng pederal na pagpopondo ng HOME, Block Grant para sa Pagpapaunlad ng Komunidad (Community Development Block Grant, CDBG), at Grant sa Mga Solusyong Pang-emergency (Emergency Solutions Grant, ESG) bawat taon. **Sa loob ng limang taon, aabot na ang kabuuan ng mga pondong ito nang higit sa $60 milyon!**

Ang mga pondong ito ng pederal na pamahalaan, na pinangangasiwaan ng Departamento ng Pabahay at Pagpapaunlad ng Lungsod (Department of Housing and Urban Development, HUD) ng U.S. ay maaaring gamitin para magtayo ng bagong abot-kayang pabahay, mapahusay ang imprastruktura sa mga kapitbahayan na may mababang kita, magbigay ng tulong sa trabaho sa mga may-ari ng maliliit na negosyo, tulungan ang mga taong nakararanas ng kawalan ng tirahan, at MARAMI PA!

*Gusto naming marinig ang saloobin mo*….Bawat limang taon, IKAW, ang iyong mga kaibigan, iyong mga kapitbahay, at iyong komunidad ay may pagkakataong tumulong sa pagtukoy ng pinakamalaking pangangailangan ng iyong komunidad, at matukoy kung paano ginagastos ang mga pondong ito at para tumulong sa pagtugon sa mga pangangailangan na ito. Mangyaring maglaan ng ilang sandali para kompletuhin ang aming mga online na survey sa pamamagitan ng pagpunta sa www.ccconplan.org at sa ilalim ng Survey ng Komunidad, piliin ang “Pabahay at Walang Tahanan” at “Hindi Pabahay”. Magtatagal ang mga survey ng humigit-kumulang 15 minuto, kaya mangyaring maging handa at bigyan mo ito ng maingat na pagsasaalang-alang.

Bilang karagdagan, mangyaring dumalo sa aming virtual na pampublikong pagpupulong:

## Pagtatasa sa Pangangailangan ng Komunidad – Virtual na Pagpupulong

**Petsa:** Miyerkules, May 22, 2024
**Oras:** 6:00pm PST
**Lokasyon:** Virtual na Pagpupulong
https://cccounty-us.zoom.us/j/86331050411
Meeting ID: 863 3105 0411

O Telepono:
I-dial ang: USA 214 765 0478 US Toll
USA 888 278 0254 US Toll-free
Conference Code: 841892

Bahagi ng proseso ang iyong feedback para lumikha ng Pinagsama-samang Plano ng Consortium sa 2025-2030 para sa paggamit ng mga pondong natanggap mula sa HUD. Salamat sa pagtulong na idirekta ang pagpopondo ng mga pederal na programa sa susunod na limang taon!

Para sa karagdagang impormasyon sa limang taong proseso ng pagpaplano at iba pang pagkakataon na lumahok, mangyaring makipag-ugnayan sa Departamento ng Konserbasyon at Pag-unlad (Department of Conservation and Development) ng Contra Costa County sa (925) 655-2708 o bisitahin kami sa web sa www.ccconplan.org.

*Magbibigay ang Consortium ng live na interpretasyon sa wikang Espanyol sa panahon ng pagpupulong, at gagawing available ang isang na-transcribe na recording sa website.*